

Cementerios: Isang Pag-Aaral sa mga Suliranin, Metodolohiya at Adhikain sa Pagsusulat ng Kasaysayang Sementeryo sa Panahon ng mga Espanyol sa Pilipinas

Chen V. RAMOS¹

University of the Philippines
QUEZON CITY

ABSTRAK

Layunin ng pananaliksik na ito na subuking tayahin ang kasalukuyang suliranin, metodolohiya at adhikain sa pagsusulat ng kasaysayang sementeryo sa panahon ng mga Espanyol sa Pilipinas. Nais nitong matulungan ang mga manunulat o/at mga historyador na higit pang maunawaan ang gampanin at kahalagahan ng sementeryo sa paglinang ng kasaysayan, kultura at kalinangan ng lipunang Pilipino sa panahon ng pananatili ng mga mananakop. Tunguhin din ng pag-aaral na mas pag-ibayuhin pa ang aralin tungkol sa mga isturkturang ito upang hindi tuluyang mawaglit sa kamalayang Pilipino ang naging gampanin nito sa pagpapayabong ng kultura at ritwal hinggil sa kamatayan at paglilibing sa panahon ng okupasyong Espanyol sa Pilipinas.

Mga Pangunahing Konsepto: *Cementerios*; Historiograpiya; Espanyol; Metodolohiya; Kasaysayang sementeryo

I. INTRODUKSYON

Mahalaga sa lipunang Pilipino ang gampanin ng mga pambansang dambana o *historical sites* upang ipaalam sa iba't ibang henerasyon ang mayamang kasaysayan, kultura at pagkakakilanlan ng isang lugar o pook sa Pilipinas. Nakapaloob sa mga lugar na ito ang mga kuwento, mga personalidad at imprastruktura na naging bahagi sa paghubog ng kabuuang naratibo ng isang kasaysayan. Ang mga imprastruktura tulad ng mga gusali, tulay, kalsada, plaza atbp. ay naging saksi sa iba't ibang pangyayari sa nakaraan at mahalaga na maisulat ang kanilang

¹ Si G. Chen V. Ramos ay nagtapos ng Master of Arts in History sa De La Salle University, Manila at Bachelor of Secondary Education major in History with Undergraduate Specialization in Reading sa Philippine Normal University, Manila. At sa kasalukuyan ay kinukuha niya ang kanyang doktorado sa kasaysayan sa University of the Philippines, Diliman. Siya ay nagturo ng Araling Panlipunan sa Elizabeth Seton School at naging House Coordinator ng nasabing paaralan noong 2015 hanggang 2016. Sa kasalukuyan ay nagtuturo si G. Ramos sa Senior High School ng Kaunlaran Senior High School sa lungsod ng Navotas.

gampanin sa lugar na kanilang kinabibilangan upang maiugnay ito sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng lipunang Pilipino. Isa sa pinakamahalagang imprastruktura sa kultura at kalinangang Pilipino ang mga sementeryo na nagsilbing libingan para sa mga yumaong Pilipino mula sa sinaunang lipunan (prehispaniko) hanggang sa kasalukuyang panahon. Nakapaloob dito ang iba't ibang mga ritwal at paniniwala sa kamatayan na naglayong matiyak na makakamtan ng bangkay o/at yumao ang konsepto ng maginhawang kamatayan sa piling ng kanyang tagapaglikha sa kabilang mundo. Ang pagkakalagak sa mga espasyong ito ay nangangahulugan ng pagrespeto sa katawan ng bangkay at pagbibigay halaga rin sa mga naiambag nito noong sila ay nabubuhay pa. Mahalaga na mailibing nang maayos ang bangkay sa espasyong ito upang magabayan ng espiritu ng yumao ang mga naiwan nitong kamag-anak mula sa kabilang mundo at magpatuloy ang natatamang kaginhawahan ng kanyang naiwang pamilya.² Ngunit kahit malalim ang gampanin ng mga himlayang ito sa kultura at kasaysayan ng Pilipinas, limitado lamang ang mga pananaliksik patungkol sa kasaysayang sementeryo sa Pilipinas noong panahon ng mga Espanyol hanggang sa kasalukuyang panahon na siyang naging dahilan sa unti-unting pagkasira at pagkawala nito sa lipunan at kamalayang Pilipino.

Layunin ng pananaliksik na ito na subuking tayahin ang kasalukuyang kondisyon, suliranin, metodolohiya at adhikain sa pagsusulat ng kasaysayang sementeryo sa okupasyong Espanyol sa Pilipinas. Nais nitong matulungan ang mga manunulat o/at mga historyador na higit pang maunawaan ang gampanin ng mga sementeryo sa kasaysayan, kultura at kalinangang Pilipino noong panahon ng mga Espanyol. Bibigyang pansin ng pagsusuri ang mga sumusunod na katanungan upang makabuo ng isang malinaw na tunguhin sa kahalagahan at gampanin ng mga himlayang ito sa historiograpiyang Pilipino: Una, ano-ano ang mga literatura o/at pag-aaral tungkol sa kasaysayan ng sementeryo sa Pilipinas? Ikalawa, paano isinulat ang mga pag-aaral ukol sa mga sementeryo sa panahon ng mga Espanyol gaya ng mga suliranin, pananaw at metodolohiyang may kaugnayan dito? Ikatlo, ano-ano ang mga hamon, rekomendasyon at tunguhin ng kasaysayang sementeryo sa Pilipinas? At huli, paano makatutulong ang pagsusulat ng kasaysayang sementeryo sa paglinang ng historiograpiyang Pilipino sa aspekto ng paglilibing at paniniwala sa kamatayan.

² Cynthia Neri Zayas at Eufrazio Abaya. "Kaginhawaan: Mula Sa Sinapupunan Hanggang Sa Kabilang Buhay," sa *Ginhawa, Kapalaran at Dalamhati: Essays in Well-being, Opportunity/Destiny, and Anguish* nina Consuelo Paz et.al (Quezon: University of the Philippines Press, 2008): 30-45.

II. ILANG PAG-AARAL AT LITERATURA SA KASAYSAYANG SEMENTERYO SA PILIPINAS

Hindi na bago sa kasaysayan ang paksain ukol sa mga sementeryo sa Pilipinas. Mayroon nang iba't ibang mga pag-aaral mula sa mga aklat, artikulo, at tesis na nailimbag ukol sa paksang ito na nakatuon sa temang arkitektural, sining, arkeolohikal, antropolohiya, sikolohiya, sosyolohikal at araling kultural. Ang mga disiplinang ito ay nagsilbing bagong pananaw o perspektibo sa gampanin at kahalagahan ng mga libingan sa pagbuo ng kaalamang Pilipino pagdating sa aspekto ng paglilibing at kamatayan. Kadalasan, tinatalakay ang mga sementeryo sa pambansang naratibo ng kasaysayan ngunit hindi ito nabibigyan ng malawak na pagtalakay at pagsusuri dahil na rin sa kakulangan sa mga sanggunian patungkol dito. Ang mga sumusunod na pag-aaral ay tumalakay sa iba't ibang gampanin ng sementeryo sa lipunan at kaalamang Pilipino sa iba't ibang panahon sa pambansang kasaysayan ng Pilipinas. Mahalagang muling balikan ang mga naiambag ng mga pag-aaral na ito upang mas palawakin pa ang kaalaman at pananaliksik tungkol sa kasaysayang sementeryo sa Pilipinas.

2.1 MGA AKDA SA PAGLILIBING NOONG SINAUNANG LIPUNANG PILIPINO

Ang pag-aaral ni Joan Tara Reyes na pinamagatang *Ginhawa Mula Sa Patay: Isang Pag-aaral sa Kahalagahan ng Katawan sa Bogwa (Sekundaryang Paglilibing) at Pangangayaw sa mga Ifugao at Kankanaey* ay nagsuri sa ugnayan ng buhay at kamatayan ng mga taga-Ifugao at Kankanaey bilang repleksyon ng tunggalian sa paghahanap ng kaginhawahan. Sinuri ng may-akda ang pangangayaw bilang isang sistema na nagsisilbing repleksyon ng kanilang kaginhawahan o buhay na maihahatid sa kanilang pamayanan. Galit at paghihiganti naman ang namayani sa pamayanang nalagasan ng ulo at kailangang makapagpugot din ang mga ito upang manumbalik ang nawalang kaginhawahan sa kanilang pangkat.³ Binigyang pansin ang gamit ng pag-uugali ng mga taga-Ifugao at Kankanaey bilang susi na kaugnay sa pagpapahalaga nito sa mga ritwal na may kaugnayan sa ginhawa at patay. Ang pagsusuri sa ugnayan ng kamatayan, buhay at pag-uugali ang mahalagang kontribusyon ng akdang ito na nagbigay-linaw sa malawak at malalim na ugnayan ng buhay at kamatayan sa sistema ng paglilibing noong sinaunang lipunang Pilipino.

³ Joan Tara Reyes. "Ginhawa Mula Sa Patay: Isang Pag-aaral sa Kahalagahan ng Katawan sa Bogwa (Sekundaryang Paglilibing) at Pangangayaw sa mga Ifugao at Kankanaey," *ISIP: Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura at Lipunang Pilipino* (2011): 237-79.

Binigyang diin din nila Zayas at Abaya sa kanilang pag-aaral na pinamagatang *Kaginhawaan: Mula Sa Sinapupunan Hanggang Sa Kabilang Buhay* na ang daloy ng buhay ng mga Pilipino ay hindi nagtatapos sa kamatayan. Ang kabilang mundo (kamatayan) ay iniuugnay sa mundo ng mga buhay - magkarugtong ang dalawang mundo kaya muling mabubuhay ang espiritu ng mga yumao sa kabilang mundo at patuloy nitong hahanapin ang kanilang kaginhawahan na kasama ang kanilang tagapaglikha.⁴ Ipinapakita sa akda ang siklo ng buhay ng isang tao mula sa kapanganakan nito patungo sa paghahanap ng kaginhawahan sa lipunang Pilipino hanggang sa kabilang mundo. Binigyang pansin din sa pag-aaral ang ugnayan ng mga ritwal, kultura, paniniwala, lokasyon at mga simbolo sa lipunang Pilipino upang makamantan ang kaginhawahan sa siklo ng buhay. Mahalaga ang literaturang ito sa kasaysayang kultural ng mga sementeryo sa Pilipinas lalo na't binibigyang halaga nito ang mga espasyo tulad ng sementeryo sa pag-uugnay ng buhay at kamatayan.

Sa artikulo ni Lars Raymund Ubaldo na *Kamalayan sa Kamatayan ng mga Tagalog: Pananaw mula sa Kasaysayan*, sinuri ng awtor ang pagbabago sa kahulugan ng kamalayan ng mga Tagalog hinggil sa kamatayan. Binigyang pansin sa akda ang iba't ibang ritwal, kultura at pagpapakahulugan sa kamatayan bilang isang dimensiyon ng pagbibigay ng kahulugan ng mga Tagalog sa buhay at siklo ng kamatayan.⁵ Malinaw na ipinaliwanag sa artikulo ang pagbabago ng kahulugan ng kamatayan sa mga Tagalog mula sa sinaunang paniniwala ng mga Pilipino tungo sa panahon ng mga Espanyol. Binigyang diin din sa akda ang ugnayan ng buhay at kamatayan bilang kaisipan na umiiral sa lipunang Pilipino. Mainam gamitin ang metodolohiyang ginamit sa pag-aaral upang masuri ang pagbabago ng mga paniniwala mula sa sinaunang anyo nito patungo sa panibagong porma ayon sa pamantayang Espanyol. Kahit hindi nabigyang pansin sa akda ang gampanin ng sementeryo, nilinaw naman ng awtor ang kaugnayan nito sa mga ritwal na isinasagawa ng mga Tagalog sa mga libingan nito.

Sa pag-aaral ni Prospero Covar na pinamagatang *Kaalaming Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino*, kanyang dinalumat ang ugnayan ng katawan at banga sa pananampalatayang Kristiyano. Kanyang ipinaliwanag na ang katawan ng tao ay katulad ng isang banga na may laman na budhi at kaluluwa

⁴ Cynthia Neri Zayas at Eufrazio Abaya. "Kaginhawaan: Mula Sa Sinapupunan Hanggang Sa Kabilang Buhay," sa *Ginhawa, Kapalaran at Dalamhati: Essays in Well-being, Opportunity/Destiny, and Anguish* nina Consuelo Paz et.al (Quezon: University of the Philippines Press, 2008): 30-45.

⁵ Lars Raymund Ubaldo. "Kamalayan Sa Kamatayan Ng Mga Tagalog: Pananaw Mula Sa Kasaysayan," *The Scholastic Review* 2, no. 3 (2009): 66-75.

ng isang tao na matatagpuan sa ilalim nito. Kanya ring binanggit ang iba't ibang termino ng kaluluwa na ginamit sa sinaunang lipunang Pilipino upang tukuyin ang espiritu ng isang indibidwal; "kaluluwa", "*ikaruruwa*", at "*inikaduwa*". Ang kanyang pag-aaral ay isang mainam na sandigan upang maunawaan ang kabuluhan at gampanin ng katawan, kaluluwa at banga sa paniniwalang Pilipino hinggil sa paglilibing at sementeryo.⁶

2.2 MGA SEMENTERYO AT ARKEOLOHIYA

Ang akda ni Grace Barreto-Tesoro na *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries* ay sumuri sa iba't ibang sementeryo na matatagpuan sa Kamaynilaan na ipinatayo noong panahong Espanyol at Amerikano. Binigyang pansin sa akda ang mga matatagpuang simbolo at bangkay sa mga sementeryo ng La Loma, *Chinese Cemetery* at *Manila North Cemetery*. Ang pagsusuri sa akda ay nakatuon sa katangian ng mga sementeryo at ang gampanin nito sa paglilibing ng mga naninirahan sa Kamaynilaan. Ngunit dahil nakatuon ang may-akda sa arkeolohikal nitong katangian, hindi nabigyang linaw ang gampanin ng mga sementeryo sa lipunang Pilipino lalo na ang kultural nitong aspekto.⁷ Kaya naging rekomendasyon din sa akda na pagtuunan din ng pansin ang kultural na importansya ng mga libingan sa Pilipinas upang mas maunawaan ang gampanin nito sa kaalamang Pilipino hinggil sa kamatayan at paglilibing.

2.3 ANG MGA SEMENTERYO AT ARKITEKTURA

Sa akda ni Norma I. Alarcon na *Philippine Architecture during the Pre-Spanish and Spanish Periods*, tinalakay ang pagbabago sa sistema ng arkitektura at kultural na kasaysayan ng mga imprastruktura mula sa sinaunang lipunang Pilipino hanggang sa panahon ng mga Espanyol. Ipinaliwanag ng may-akda ang iba't ibang arkitektura katulad ng simbahan na ipinatayo sa panahon ng mga Espanyol pati na rin ang mga materyales na ginamit sa konstruksyon ng mga ito. Karamihan sa kanyang mga tinalakay ay nakatuon sa sistematikong pagpapalano ng mga Espanyol sa pagkontrol sa pamumuhay ng mga Pilipino sa isang sentralisadong espasyo upang ganap itong mapamahalaan. Ang nabanggit na datos tungkol sa katangian at gampanin ng arkitektura sa pamumuhay at kultura ng mga Pilipino lalo na sa aspekto ng kamatayan ay makatutulong upang mas mapalalim pa ang kahulugan ng mga sementeryo sa

⁶ Prospero Covar. "Kaalamang Bayan Dalumat ng Pagkataong Pilipino" *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture* (1995): 9-16.

⁷ Grace Barretto- Tesoro, *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2016), 10-33.

kamalayan at kalinangang Pilipino sa iba't ibang panahon sa kasaysayan ng Pilipinas.⁸

Kaiba kay Alarcon, ang akda ni Lorelei D.C. De Viana na *Three Centuries of Binondo Architecture: 1594-1898* ay nagbigay pansin sa kasaysayan ng Binondo sa Maynila bilang sentro ng komersyo at kultura sa buong Kamaynilaan. Naging sentro ng kanyang pag-aaral ang iba't ibang gusali at tanggapan ng pamahalaan na ipinatayo sa Binondo noong panahon ng mga Espanyol. Ipinakita ang naging gampanin ng mga gusali sa politikal, pang-ekonomiya at sosyolohikal na aspekto sa Kamaynilaan. Tinalakay rin ng may-akda ang kahalagahan ng mga pampublikong sementeryo na pinamamahalaan ng iba't ibang kongregasyon sa Kamaynilaan at ang naging tulong nito upang pigilan ang posibleng pagkalat ng sakit at epidemiya sa loob ng mga bayan at lungsod. Tinalakay rin ang iba't ibang pagbabago sa pamamahala ng mga sementeryo katulad ng pagtigil sa sistema ng paglilibing sa loob ng mga simbahan at pagpapatayo ng mga sementeryo sa mga bayan at lungsod.⁹ Pinaksa rin ang iba't ibang suliranin na kinaharap ng pamahalaang Espanyol upang tugunan ang iba't ibang suliraning pangkalusugan at mga probisyon sa paglilibing sa panahong ito, gayundin ang mahalagang gampanin ng mga sementeryo sa panahon ng epidemiya at kalamidad.

Isa sa pangunahing pag-aaral sa mga sementeryo sa panahon ng mga Espanyol ay ang akda ni Manuel Maximo Lopez del Castillo-Noche na *Nacio Fallecio: The Art and Architecture of Spanish Colonial Baptistery and Cemeteries in the Philippines*. Tinalakay ng may-akda ang iba't ibang kondisyon ng mga sementeryo bago ang pagpapatupad ng ordinansa noong 1804 na nagpipigil sa paglilibing ng mga yumao sa loob ng mga simbahan at pagpapatayo ng mga sementeryo sa mga lungsod. Sinuri ng may-akda ang sementeryo, hindi lamang bilang isang imprastruktura para sa pagpapayaman ng tradisyon sa paglilibing ngunit bilang isang repleksyon ng politikal at pang-ekonomikal na batayan sa lipunang Pilipino noong panahon ng mga Espanyol. Binigyang pansin din ang relasyon ng mga nabubuhay at mga yumao sa kanyang akda bilang pagbibigay halaga at pasasalamat sa mga magandang naiambag nito noong sila ay nabubuhay pa. Naging malawak ang sakop ng pag-aaral ng may-akda kaya hindi naging malinaw ang tunguhin ng kanyang pagsusuri sa

⁸ Arch. Norma I. Alarcon, *Philippine Architecture during the Pre-Spanish and Spanish Periods* (España, Manila: University of Santo Tomas, 1991), 74-89.

⁹ Lorelei D.C De Viana, *Three Centuries of Binondo Architecture: 1594-1898* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2001), 158.

relasyon nito sa kulturang Pilipino na mahalagang mabigyang pansin sa pagtalakay ng mga imprastruktura tulad ng sementeryo.¹⁰

Ang akda ni Michaelangelo Dakudao na may titulong *The Development of Cemeteries in Manila before 1941* ay nagsuri sa kondisyon at pagbabago ng mga sementeryo bago ang taong 1941. Sinuri ni Dakudao ang iba't ibang pagbabago sa lipunan at politikal na sistema sa Maynila na may kaugnayan sa pagpapatayo ng kauna-unahang sementeryo sa labas ng *Intramuros* at simbahan - ang *Cementerio General de Dilao o Paco*. Ipinakita rin sa nasabing akda ang iba't ibang suliraning pangkapaligiran na naranasan ng Maynila sa panahon ng mga Espanyol at Amerikano na naging dahilan sa malaking bilang ng mga nasawi at pagpapatayo ng mga sementeryo sa mga *arrabales*. Sa pag-aaral ni Dakudao, binigyang pansin ang kahalagahan ng pagpapatayo ng mga *Cementerio General* sa panahon ng mga Espanyol bilang himlayan ng mga yumao dahil sa mga epidemiya. Ngunit naging pokus lamang ni Dakudao sa kanyang pag-aaral ang mga polisiya at pananaw ng mga Espanyol sa pagpapatayo ng mga *cementerio general* sa Pilipinas at hindi naging ganap na malinaw ang gampanin at epekto ng mga pagbabagong ito sa buhay ng mga Pilipino na isang mahalagang aspekto sa pagsusulat ng kasaysayang sementeryo.¹¹

Binigyang diin ni Gerard Lico sa kanyang akda na *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines* ang kahulugan ng arkitekturang Pilipino sa pagbuo ng mga gusali at pagpapalano ng mga lungsod at bayan sa pambansang kasaysayan. Kanyang ipinaliwanag ang pagkakaroon ng mayamang sistema sa arkitektura bago ang pananakop ng mga dayuhan na hindi nalalayo sa sinaunang pamamaraan ng pagtatayo ng mga gusali na nakabatay sa mga lugar na makapagbibigay ng ginhawa at kaayusan sa lipunang Pilipino. Dahil ang tuon ni Lico sa kanyang akda ang maipakita ang kabuuang sistema ng arkitekturang Pilipino, iniugnay niya ito sa daloy ng kasaysayan ng Pilipinas na nakasentro sa naging papel nito sa iba't ibang proyektong pangkolonyal sa lipunang Pilipino. Makikita sa kanyang pagsusuri ang malinaw na layunin ng kanyang aklat na ipaalam na mayroong sariling sistema ng arkitektura ang mga Pilipino na hindi lamang resulta ng kolonisasyon ng mga dayuhan. Kaugnay ng pagsusulat ng kasaysayang sementeryo, binigyan nito ng mas malalim na pagpapakahulugan ang sementeryo na hindi lamang nakatuon sa estetikong aspekto nito kundi higit

¹⁰ Manuel Maximo Lopez del Castillo-Noche. "Nacio Fallecio: The Art and Architecture of Spanish Colonial Baptistery and Cemeteries in the Philippines," *Unitas*, 78 (2005): 66-90.

¹¹ Michaelangelo E. Dakudao. "The Development of Cemeteries in Manila before 1941," *Philippine Quarterly of Culture and Society* 20 (1992): 133-150.

sa kultural nitong kahalagahan sa kasaysayan ng arkitektura at kaisipang Pilipino.¹²

2.4 MGA GAMPANIN NG SEMENTERYO SA PANINIWALANG PILIPINO SA PANAHOON NG MGA ESPANYOL

Sa akda ni Jeffrey Alfaro Lubang na *Pantyon: Ilang Pamahiin, Tradisyon, at Kwentong Paglilibing sa Kabite*, inilahad ng may-akda ang kahalagahan ng mga sementeryo sa pagpapayabong ng kultura ng paglilibing sa Kabite noong panahon ng mga Espanyol. Binigyang pansin ni Lubang ang kahalagahan ng sementeryo ng Paco bilang pangunahing libingan sa panahon na tumama ang epidemiyang Kolera sa Maynila noong 1812. Binigyang pansin din sa akda ang pagbabago sa kaisipan ng mga Pilipino sa panahong ito hinggil sa aspekto ng paglilibing. Kahit na hindi nabigyang pansin ang kultural na aspeto ng mga sementeryo sa Kamaynilaan, makikita pa rin sa akda kung paano nagkakaugnay ang paniniwala sa kamatayan sa Kabite at sa Kamaynilaan.¹³ Mahalaga ang akdang ito sa pag-uugnay ng kaisipang Pilipino ukol sa kamatayan sa iba't ibang rehiyon para makita na umiiral ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa isang espasyo tulad ng sementeryo sa paglinang ng kanilang kultura at kaalaman sa paglilibing.

Isa sa mga pangunahing pag-aaral sa kasaysayang panlipunan ng Maynila ang akda ni Maria Luisa Camagay na "*Kasaysayang Panlipunan ng Maynila 1765-1898*".¹⁴ Binigyang pansin nito ang iba't ibang bahagi ng lipunang Pilipino at ang mga pang-araw-araw na gawain ng mga residente ng Maynila sa panahon ng okupasyon ng mga Espanyol. Ipinaliwanag at inilarawan ang estado ng Maynila mula sa heograpikal na aspekto, kapaligiran, sistema ng pamamahala ng mga Espanyol, pagsugpo sa mga kriminalidad, pang-araw-araw na buhay at hanggang sa mga salik ng pagkakabuo ng mga kilusan laban sa mga Espanyol. Kahit hindi nabigyang pansin ni Camagay ang mga sementeryo sa Maynila noong ikalabing-pito at ikalabing-walong siglo, tinalakay sa kanyang akda ang kabuuang kalagayan ng Maynila na may kaugnayan sa kaisipang Pilipino sa buhay at kamatayan. Kaya mahalaga ang kanyang pag-aaral sa pag-uugnay sa kabuuang konteksto ng lipunang Pilipino sa kahalagahan ng maginhawang pamumuhay upang mapagyaman ang kultural na aspekto ng kamatayan noong panahon ng mga Espanyol.

¹² Gerard Lico, *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2008), 103-194.

¹³ Jeffrey Alfaro Lubang, *Pantyon: Ilang Pamahiin, Tradisyon, at Kuwento ng Paglilibing sa Kabite* (Manila: IGE Ramos Design Studio, 2017), 10-13.

¹⁴ Maria Luisa Camagay, *Kasaysayang Panlipunan Ng Maynila* (Diliman: University of the Philippines Press, 1992), 39-89.

Ang pag-aaral ni Martin Gaerlan na pinamagatang *Sampaloc's Sacred Ground: The Franciscan Backstory (1613-1918) Most Holy Trinity Parish, Balic-balic, Sampaloc, Manila* ay tumalakay sa kasaysayan ng simbahan at sementeryo ng Balic-balic sa lungsod ng Maynila noong okupasyong Espanyol at Amerikano. Kronolohikal at deskriptibo ang ginawang metodolohiya ng may-akda upang isulat at ipakita ang pagbabago ng simbahan at sementeryo sa ilalim ng pangangasiwa ng pamahalaang lokal ng Maynila. Mahusay ang naging pagtataya at pagsusuri ni Gaerlan sa datos ng simbahan at sementeryo lalo't isa ito sa mga pangunahing sementeryong parokyal sa arrabal ng Sampaloc.¹⁵ Mahalaga tingnan ang kanyang pag-aaral upang maunawaan ang kahalagahan ng mga sementeryo sa panahong Espanyol at Amerikano sa mga bayan sa lungsod ng Maynila.

Ang tesis masterado ni Ramos na pinamagatang *Buhay, Kalusugan at Kamatayan: Isang Kasaysang ng Cementerio General de La Loma, 1864-1889* ay naglayong bigyan ng bagong interpretasyon ang mga sementeryo noong panahon ng okupasyong Espanyol sa pagmamagitan ng konseptong Pilipino ng buhay, kalusugan at kamatayan. Sentro ng kanyang naratibo ang sementeryo ng La Loma sa lungsod ng Maynila at ang mga pagbabagong hatid nito sa kabuuang kondisyon ng Kamaynilaan noong panahon ng epidemiya. Binigyan ng may-akda ng bagong kahulugan ang sementeryo ng La Loma na lihis sa tradisyonal na pagsusulat sa mga sementeryo na natuon lamang sa politikal at pang-ekonomikal na gampanin nito na mahalagang isaalang-alang sa pagbibigay kahulugan sa mga sementeryo sa Pilipinas.¹⁶ Magandang tingnan din ang metodolohiyang ginamit ng awtor sa pag-uugnay ng mga konseptong Pilipino sa mga imprastruktura sa panahon ng mga Espanyol.

Ang ilan sa mga akdang ito ay pumaksa at sinimulang suriin ang kasaysayan ng mga sementeryo sa Pilipinas sa iba't ibang panahon sa historiograpiya ng Pilipinas. Karamihan sa mga akda ay nakaugnay sa ilang disiplina upang ipaliwanag ang gampanin ng sementeryo sa lipunang Pilipino. Ngunit kung susumahin, mayroong malaking pangangailangan pa upang higit na mapag-aralan ang mga sementeryo sa Pilipinas lalo't wala pang malinaw na pag-aaral sa kasaysayan ng mga ito sa panahon ng mga Amerikano at Hapon.

¹⁵ Martin R. Gaerlan, *Sampaloc's Sacred Ground: The Franciscan Backstory (1613-1918) Most Holy Trinity Parish, Balic-balic, Sampaloc, Manila* (Quezon City: Central Books, 2014), 55-59.

¹⁶ Chen Ramos, "Buhay, Kalusugan at Kamatayan: Isang Kasaysayan ng *Cementerio General de La Loma, 1864-1889*" (tesis masterado, De La Salle University, 2017), 16.

Mahalaga na maisulat ang kasaysayang sementeryo sa deskriptibong pamamaraan upang maipabatid sa mga mambabasa nito (ang mga Pilipino) na bahagi sila ng kabuuang pagkakakilanlan ng mga imprastruktura at dapat alalahanin ito bilang kaugnay sa siklo ng buhay at kamatayan sa lipunang Pilipino. Ngunit, paano nga ba masasabing “may saysay” ang kasaysayan ng sementeryo sa pagbuo ng kaisipan at kalinangan ng mga Pilipino. Sa susunod na bahagi ng pananaliksik, tatalakayin ang iba’t ibang suliranin, metodolohiya at pananaw sa pagsusulat ng kasaysayang sementeryo sa okupasyong Espanyol sa Pilipinas upang mas mapalalim pa ang paksaing ito sa historiograpiyang Pilipino.

III. MGA HAMON SA PAGSUSULAT NG KASAYSAYANG SEMENTERYO SA PANAHON NG MGA ESPANYOL

3.1 PANANAW AT TEORYA SA PAGSUSULAT NG KASAYSAYANG SEMENTERYO

Madalas isinusulat ang kasaysayang sementeryo sa arkitektural nitong pagkakakilanlan na nakatuon sa disenyo, plano at materyales upang maiangkop ito sa pangangailangan at estado ng lugar kung saan ito nais itayo.¹⁷ Ngunit ang diskurso at pananaw na ito pagdating sa pagsusuri at pagkakakilanlan ng mga imprastrukturang sementeryo ay hindi nakabubuo ng malalim na argumento pagdating sa gampanin nito sa kasaysayan at kultura ng mga Pilipino. Mahalaga sa pagtalakay ng mga imprastrukturang katulad ng sementeryo ang mga pananaw, ideya at kultura na nakapaloob dito upang maunawaan ang saysay nito sa isang lipunan o pangkat ng tao. Mayroong iba’t ibang mga disiplina na sumubok na talakayin ito na inihayag sa ikalawang bahagi ng pananaliksik. Sa bahaging ito, susubuking magpanukala ng mayakda ng mga maaaring maging teorya o/at pananaw sa pagsusulat ng kasaysayang sementeryo upang bigyan ng bagong pananaw at kabuluhan ang pagsasakasaysayan ng mga sementeryo sa kaalaman at kalinangang Pilipino.

3.1.1 MODERNONG PILOSOPIYA SA ARKITEKTURA AT SEMENTERYO

Ayon kay Saul Fisher, nakatuon ang tradisyonal na pananaw pang-arkitektural sa estetikong katangian ng isang gusali at kung paano ito itinatayo.¹⁸ Hindi binibigyang pansin ang pilosopiya ng arkitekto at kung

¹⁷ Gerard Lico, *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2008), 115.

¹⁸ Saul Fisher, “Philosophy and the Tradition of Architectural Theory” inakses Oktubre 16, 2018, <https://plato.stanford.edu/entries/architecture/tradition.html>.

bakit nais nitong ipatayo sa lugar na nakasaad sa plano ng imprastruktura. Kadalasang hindi natatalakay ang mga sumusunod na katanungan sa pagsasakasaysayan ng mga sementeryo sa modernong arkitektural na pananaw dahil sa nakapakong pananaw ng mga awtor sa tradisyonal na pagsusuri sa mga sementeryo sa Pilipinas. Batay ni Fisher, mahalagang sagutin ang mga sumusunod na katanungan upang maunawaan ang silbi nito sa isang lugar o bansa; (1) Bakit napili ng arkitekto ang inilagay na disenyo sa imprastruktura? (2) Para kanino ipinatayo ang gusali? (3) Ano ang kahalagahan na maipatayo ang imprastruktura sa lugar na iyon? At (4) anong kaalamang pang-arkitektural ang namamayani sa mga gusaling ipinapatayo sa panahong iyon?¹⁹

Mula sa pag-unawa sa pilosopiya ng mga arkitekto, makikita ang pagbabago ng mga ideya mula sa unang anyo ng mga gusali (sinaunang lipunang Pilipino) hanggang sa panibago nitong anyo (panahon ng mga Espanyol) upang mapaliwanag ang pakikiayon ng mga kanluraning ideolohiya sa kaalaman ng mga Pilipino kung saan nais itong ihanay sa modernong pamantayan sa panahong iyon. Mahalaga na ikontekto sa kultura, kaalaman at heograpiya ng mga Pilipino ang mga gusaling itinatayo sa panahon ng mga Espanyol para maging katanggap-tanggap ito sa isinasagawang kultura at kaalaman sa kamatayan at paglilibing noong panahong iyon.

Isa sa akda na gumamit ng teoryang ito ang *Les Ruines des plus beaux monuments de la Grèce* (“*The Ruins of the Most Beautiful Monuments of Greece*”) ni Julien-David LeRoy na tumalakay sa mga paghihirap ng mga taga-Gresya sa pagtatayo ng iba’t ibang gusali sa panahon ni Vitruvius bilang simbolo ng pagpapasalamat sa mga diyos at diyosa ng kanilang kabihasan. ²⁰ Ang mga naratibo sa akda ni David LeRoy ay hindi lamang nagpapamalas ng kahalagahan ng mga imprastruktura sa kultura ng Gresya kundi tinatalakay rin nito ang mga paghihirap at pananaw ng mga bumuo rito sa kahalagahan ng mga gusali sa kanilang kaayusan bilang bansa. Ang mga konseptong *firmitas* (*structural integrity*), *utilitas* (*utility*), at *venustas* (*beauty*) ang pangunahing batayan at pamantayan ng mga Griyego sa pagpapatayo ng mga gusali sa kanilang lipunan. ²¹ Mahalaga na makita rin sa mga imprastruktura sa panahon ng mga Espanyol ang mga ginamit na simbolo, pananaw at pilosopiya rito upang makita ang saysay nito sa arkitekturang Pilipino.

¹⁹ Saul Fisher, “Philosophy and the Tradition of Architectural Theory.”

²⁰ Encyclopedia Britannica, “Distinction between the history and theory of architecture” inakses Oktubre 16, 2018, <https://www.britannica.com/topic/architecture/Theory-of-architecture>

²¹ Saul Fisher, “Philosophy and the Tradition of Architectural Theory” inakses Oktubre 16, 2018, <https://plato.stanford.edu/entries/architecture/tradition.html>.

3.1.2 HERMENEUTICS AT LEXICAL DISCOURSE ANALYSIS SA PAGSUSURI NG MGA TEKSTO AT SEMENTERYO

Mainam ring gamiting teorya o/at metodolohiya ang *Hermeneutics* at *lexical discourse analysis* sa pagsusuri ng kahulugan ng mga sementeryo sa kasaysayan ng Pilipinas gamit ang mga plano at ulat bilang teksto ng pagsusuri. Ayon sa teorya ni *Paul Ricoeur*, kailangang maunawaan ang kahulugan ng mga teksto upang magsilbing gabay ito sa mga mambabasa para maunawaan nito ang kabuuang konteksto ng isang pangyayari.²² Ang tekstong ito ang mag-uugnay sa naputol na naratibo ng kasaysayan ng mga sementeryo sa pamamagitan ng pagbuo ng *metaphor* na bibigyan ng bagong interpretasyon sa kasaysayan ng sementeryo noong panahon ng mga Espanyol.

Ayon kay Ricoeur, ang pagkakaroon ng pagkakalayo o *distanciation* mula sa teksto at sa orihinal na tagapagsalita ang magiging pangunahing suliranin sa pagbibigay kahulugan sa mga teksto.²³ Dahil sa *distanciation*, nawawala ang konsepto at kahulugan ng teksto mula sa panahon kung kailan ito binanggit o isinulat kaya karamihan sa mga interpretasyon dito ay nagiging literal o tuwiran ayon sa aspekto ng pagbubuo ng pangungusap. Kaya mahalaga na gamitin ang iba't ibang konseptong Pilipino upang mabigyang linaw ang naputol na kahulugan ng isang pangyayari at suriin ito muli upang mapalabas ang tunay na kahulugan at konteksto nito ayon sa pananaw ng panahon kung kailan ito isinulat. Matatapos lamang ang tunggaliang binuo ng *distanciation* kapag nakapagbuo ng isang *metaphor* na magbibigay ng bagong interpretasyon sa literal na pagpapakahulugan sa mga teksto upang iugnay ang nakatagong kabuluhan nito sa kasalukuyang pananaw. Ang pagbuo ng isang *metaphor* ay makatutulong sa pamamagitan ng "*power of metaphoricality*" na magbibigay ng bagong naratibo sa teksto upang mailathala nito muli ang nakatago nitong kahulugan na hindi nakaayon sa tradisyonal nitong pagpapakahulugan. Mahalaga ang paggamit ng mga diksyonaryo at bokabularyo sa pagsusuring leksikal at pagbubuo ng *metaphor* na tatalakayin sa susunod na bahagi ng pananaliksik.

3.1.3 LITERATURA AT KASAYSAYANG SEMENTERYO

Maaari ring gamitin ang literatura o *literary history* bilang pananaw o/at metodolohiya sa pagsusulat sa kasaysayang sementeryo noong panahon ng

²² Paul Ricoeur, *Hermeneutics and the human sciences: Essays on Language, Action and Interpretation* (Cambridge: Cambridge University Press, 1981), 43.

²³ Paul Ricoeur, *Hermeneutics and the human sciences*, 13.

mga Espanyol. Mayroong iba't ibang nobela o/at akda na isinulat sa panahong iyon na nagpapakita ng kahalagahan ng paglilibing sa mga Pilipino. Halimbawa na lamang dito ang akda ni Jose Rizal na *Noli Me Tangere* na tumalakay sa malalim na pagkapoot ni Ibarra sa ginawa sa bangkay ng kanyang ama na hinukay at itinapon sa ilog ng mga tauhan ni Padre Damaso:

Kabanata XIII

Mga Unang Banta ng Unos

“Dumating si Ibarra sa libingan at hinanap ang puntod ng ama - si Don Rafael. Kasama niya ang isang matandang utusan niya. Sinabi ng matanda kay Ibarra na si Kapitan Tiyago ang nagpagawa ng nitso ni Don Rafael. Ito aniya ay tinaniman niya ng mga bulaklak ng adelpa at sampaguita at nilagyan ng krus.

Nakita nina Ibarra at ng matanda ang sepulturero. Sinabi nila ang palatandaan ng libingan ni Don Rafael. Tumango ang tagapaglibing. Pero nasindak si Ibarra ng ipagtapat ng sepulturero na kanyang sinunog ang krus at itinapon naman ang bangkay sa lawa dahil sa utos ni Padre Garrote. Higit umanong mabuti na mapatapon ang bangkay sa lawa kaysa makasama pa ito sa libingan ng mga intsik.

Parang pinagtakluban ng langit at lupa si Ibarra. Nasindak siya ng husto. Ang matanda naman ay napaiyak sa kanyang narinig. Parang baliw na nilisan ni Ibarra ang kausap hanggang sa makasalubong niya si Pari Salvi na nakabaston na may puluhang garing.

Kaagad na dinaluhong ni Ibarra si Pari Salvi. Bakas sa mukha ni Ibarra ang naglalatang na poot at galit sa dibdib. Nararamdaman iyon ni Pari Salvi.

Tinanong ni Ibarra si Pari Salvi kung bakit nagawa nila ang malaking kalapastanganan sa kanyang ama. Sumagot si Pari Salvi na hindi siya ang may kagagawan niyon kundi si Padre Damaso na tinawag na Padre Garrote.²⁴

Sa akdang ito ni Rizal, makikita ang paggamit ng mga salitang “galit” at “poot” upang ipaliwanag ang damdamin ni Ibarra sa pangyayaring ito sa kanyang ama. Dito rin makikita ang klasipikasyon ng mga libingan sa panahon iyon; sementeryong Kristiyano at sementeryong tsino na polisiya ng pamahalaang Espanyol sa mga namamatay sa Kamaynilaan noong panahong iyon. Mahalaga na makita sa mga literaturang ito ang mga emosyon at pananaw ng mga tauhan sa mga naratibo upang maunawaan ang mga

²⁴ Jose Rizal, “Kabanta XIII: Mga Unang Banta ng Unos” sa *Noli Me Tangere* inakses noong Oktobre 16, 2018, <http://www.joserizal.ph/no15.html>.

reaksyon at kilos ng mga tao sa panahon na nagyayari ang isang phenomenon. Ang kahalagahan ng sementeryo sa paglilibing at kamatayan ay makikita lalo't ang paghukay sa bangkay ng yumao sa libingan ng walang paalam ay indikasyon ng kawalang respeto sa katawan at kaluluwa nito. Ang ganitong uri ng datos sa mga literatura ay matutulong upang maunawaan ang konteksto ng sementeryo sa kultura ng mga Pilipino kung kailan ito isinulat. Ayon kay Marko Juvan, sa pagsusulat ng diskursong pangkasaysayan, kailangan na maipakita ang kolektibong pananaw, karanasan at alaala ng mga taong naging bahagi ng isang pangyayari sa nakaraan upang isalaysay ang kabuluhan ng pangyayaring iyon sa tao.²⁵ Ang mga espasyo katulad ng sementeryo ay naiuugnay sa iba't ibang kaugalian at emosyon ng mga tao na kakabit ng kanilang karanasan sa buhay gaya halimbawa ng kalungkutan, pagkagalit, kasiyahan at iba pa. Dagdag pa ni Jovan:

Literary history is the most prominent genre produced by the discourse of literary historiography. It is a great genre, which draws together data, perspectives, interpretations, and findings of various separate studies and transforms them into a coherent narrative synthesis. Literary history's extensive narrative structure pretends to be a representation of a totality; grand narrative gives the impression that it is able to cover, present, and interpret the — whole of literature's historical life and change, as well as unfold the forces that, from beneath the superficial facticity of antiquarianism, control the flow of historic time and inform the contingent deeds, texts, and documents of individuals.²⁶

Ang pag-uugnay ng iba't ibang literatura na gawa ng mga Pilipino sa mga espasyo katulad ng mga sementeryo ay makatutulong upang mas maunawaan ang gampanin nito sa buhay at pananaw ng mga Pilipino hinggil sa kamatayan at paglilibing. Dagdag pa ni Jovan, ang mga literatura ay nagpapakita ng mataas na antas ng nasyonalismo at pagkakakilanlan ng mga Pilipino pagdating sa aspekto ng kultura, pamamahala at sibilisasyon.²⁷ Kaya makikita sa mga sulating ito ang pagnanais na pagyamanin ang mga kuwentong kakabit

²⁵ Marko Juvan, *National and Comparative Literary Histories in Slovenia: Their Histories, Current Status and Prospects*, *Comparative Literature and Culture* (Abril, 2013):1-3.

²⁶ Juvan, *National and Comparative Literary Histories in Slovenia*, 2.

²⁷ Juvan, *National and Comparative Literary Histories in Slovenia*, 3.

ng mga espasyong ito upang maunawaan ang saysay nito sa pagkakakilanlan ng isang lahi. Kakabit din nito ang iba't ibang epiko, mito, at antolohiya na maaaring gamiting batayan ng pananaw at kahalagahan ng sementeryo sa panahon ng mga Espanyol. Halimbawa rito ay ang antolohiya ni Angela C. Manalang-Garcia na pinamagatang *Cementerio del Norte*:

Cementerio del Norte

To the memory of the late

Consuelo Ammen Mariano

And so, it all must come to this - a dying afternoon,

Thin cerements of rain around the forlorn ghost of weeping,

White tombs so desolately splendid, a priestly monotone

Drifting in sacramental grace, and then - the final sleeping.

What else is there to say? (The last word has been said too soon

For you and all the golden hopes once minted for your keeping)

White tombs so desolately splendid, bone unto alien bone,

What else is there to say, now that the sleepless dead are sleeping?²⁸

Gamit ang mga antolohiyang ito tungkol sa sementeryo at kamatayan, mauunawaan kung paano tinitingnan ng mga Pilipino ang mga sementeryo bilang himlayan ng mga yumao at ano ang mga katanungan, pananaw at emosyon nito hinggil sa kamatayan at paglilibing. Ang suliranin lamang sa paggamit ng literatura sa kasaysayang sementeryo ay mayroong kahirapang basahin o unawain ang mga akda lalo't hindi tuwiran ang mensahe nito sa mambabasa at kadalasang gumagamit ng mga terminong hindi pamilyar sa mga mambabasa sa kasalukuyang panahon. Kaya kinakailangan ang pagiging maalam sa paggamit ng mga diksyunaryong isinulat noong panahon iyon upang maunawaan ang konteksto nito sa pangungusap at paksa.

Maari ring iugnay ang mga sementeryo sa kasaysayang pangkapaligiran lalo't karamihan ng mga sementeryo noong panahon ng mga Espanyol ay ipinatayo sa panahon ng epidemya.²⁹ Ayon kay Orillos-Juan, ang layunin ng kasaysayang pangkapaligiran ay maunawaan at matukoy ang iba't ibang masalimuot na prosesong historikal na importanteng salik sa mga pagbabago sa kalikasan at kapaligiran na may tuwiran at malalim na epekto sa mga tao.³⁰

²⁸ Gemino Abad at Edna Manlapaz, *Man of earth: An anthology of filipino poetry and verse from English 1095 to the Mid-50s* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1989), 126.

²⁹ Ramos, Buhay, Kalusugan at Kamatayan pp. 205-07

³⁰ Ma. Florina Orillos-Juan. "Kasaysayang Pangkapaligiran at Araling Pangkapaligiran Sa Wikang Filipino: Katayuan at Tunguhin," *Saliksik:E-Journal* 5, no. 1 (2016): 4.

Mahalagang isaalang-alang ang ugnayan ng kapaligiran at kalusugan sa lipunang Pilipino sapagkat isa ito sa mga naging salik ng pagpapatayo ng sementeryo upang tugunan ang mga kaugnay na suliranin hatid ng mga trahedya noong panahon ng mga Espanyol. Ang mga sementeryo ay produkto ng pagnanais ng mga Pilipino noong panahon ng epidemiya na ayusin ang kanilang kalagayan upang maibalik ang kaayusan sa kanilang lipunan. Mahalaga na maiugnay ang mga imprastruktura sa kalikasan kung saan ito nakatayo at paano ito tuwirang nakaapekto sa kalikasan at mga taong naninirahan dito.

Ang mga pananaw na ito ay ilan lamang sa iba't ibang disiplina o/at ideya na maaaring magamit upang mas maunawaan ang kahalagahan ng mga sementeryo sa lipunang Pilipino. Dapat isaalang-alang sa pagsusulat ng kasaysayan ng mga sementeryo sa Pilipinas ang paggamit ng iba't ibang primarya at sekondaryang sanggunian upang mabuo ang naratibo patungkol dito. Sa susunod na bahagi ng pananaliksik ay tatalakayin ang ilang maaaring pagkunan ng mga sanggunian sa kasaysayang sementeryo sa panahon ng mga Espanyol pati na rin ang metodolohiya sa pagsusuri at pagtatal dito.

3.2 METODOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN SA KASAYSAYANG SEMENTERYO SA PANAHOON NG ESPANYOL

Bahagi sa pagbuo ng konteksto ng kasaysayan ang paggamit ng iba't ibang primarya at sekondaryang sanggunian upang makabuo ng isang kuwento o salaysay. Ayon kay Robinson, ang mga primaryang sanggunian ang pinakamainam na gamiting dokumento upang lubos na maipakita ang mga pangyayari, pananaw at kuwento sa isang pangyayari sa nakaraan.³¹ Ayon kay Robinson, bagamat magandang pagkuhanan ng mga datos ang mga primaryang sanggunian, mayroong kahirapang basahin ang mga dokumentong ito lalo't maaaring magkaiba na ang konteksto, wika/salita, at ideya na ipinapanukala ng sumulat nito sa kasalukuyang nagbabasa rito. Kaya mahalaga na iugnay ang mga sekondaryang sanggunian sa mga primaryang batis upang makabuo ng “makatotohanang” pagsasakasaysayan sa mga pangyayari gamit ang iba't ibang sangguniang na mayroon ang mananaliksik.³² Mayroong iba't ibang ahensyang pangpamahalaan at pribadong koleksyon na nangangalaga sa mga dokumento noong panahon ng mga Espanyol. Halimbawa na dito ang Pambansang Aklatan ng Pilipinas o *Philippine National Library* (web.nlp.gov.ph/nlp/) na matatagpuan sa T.M

³¹ James Harvey Robinson, “The Historical point of view” sa *the Readings in European History*, vol. I (Boston: Giin, 1904), 2.

³² Robinson, “The Historical point of view,” 2.

Kalaw, Maynila. Ito ang pangunahing aklatan sa Pilipinas na repositoryo ng mga aklat, artikulo, tesis at disertasyon tungkol sa humanidades, agham-panglipunan at iba pa. Ang mga sekondaryang sanggunian sa iba't ibang mga disiplina na matatagpuan dito ay maaari ring makatulong upang higit na mapalalim pa ang iba't ibang paksain katulad na lamang ng kasaysayang sementeryo.

Ang Pambansang Sinupan ng Pilipinas o *Philippine National Archives* (<http://www.nationalarchives.gov.ph>) ang pangunahing institusyon na nagtatago at nangangalaga ng mga mahahalagang dokumento sa kasaysayan ng Pilipinas sa panahon ng mga Espanyol at Hapon. Dito matatagpuan ang ilan sa mga pangunahing dokumento sa pag-aaral ng kasaysayang sementeryo sa Pilipinas gaya ng: (5) *Actas 1856-1893*, (75) *Cementerios*, (268) *Ministerio de Ultramar*, (278) *Obras Publicas 1774-1915*, (314) *Policia Urbana*, (354) *Sanidad*, (355) *Sanidad de Cementerios*, (371) at *Sketches, Maps and Blueprints*.³³

Ang mga bungkos ng mga dokumentong ito ay maaaring pagkuhanan ng mga datos upang sulatin ang kasaysayan at alamin ang kondisyon ng mga sementeryo noong panahon ng mga Espanyol. Ang mga bungkos sa itaas ay hindi masasabing maisasalaysalay ang buong kondisyon at importansya ng mga sementeryo sa panahon kung kailan nito itinayo. Karamihan sa mga dokumentong matatagpuan sa PNA ay mga ulat o/at obserbasyon ng pamahalaang Espanyol sa kondisyon ng kanilang kolonya noong sa panahon ng kanilang pamamahala, kaya mahihinuha na nakatuon lamang sa iisang pananaw ang pagtatala sa mga pangyayaring ito at dapat makuha ang iba't ibang panig ng kuwento upang maging makabuluhan ang pagsasakasaysayan sa mga sanggunian para sa kasaysayan ng mga Pilipino.

Bukod sa mga pambansang ahensya, mayroon ding mga pribadong institusyon o/at unibersidad na nangangalaga sa mga dokumento noong panahon ng mga Espanyol. Katulad sa mga sinupan ng *University of Santo Tomas (UST)*, *University of the Philippines (UP)*, *Ateneo de Manila University (ADMU)*, *Archdiocese of Manila*, *Filipinas Heritage Library*, *Lopez Museum and Library*, at *Ortigas Foundation and Library*. Mayroon ding mga websayt na maaaring gamitin upang pagkunan ng mga primaryang sanggunian sa paksaing sementeryo: (1) *Portal de Archivos Españoles*, (2) *Biblioteca Nacional de España*, (3) *University of Michigan: United States and Its Territories 1870-1925*, (4)

³³ Ma. Florina Orillos-Juan. "Isang pangkalahatang sarbey ng mga sangguniang primaryang batis para sa kasaysayang pampook sa pambansang sinupan at pambansang aklatan ng Pilipinas" sa kasaysayang pampook: pananaw, pananaliksik, pagtuturo (Quezon: Limbagang Pangkasaysayan, 2012), 51-58.

John T. Echols Collection ng Cornell University at (5) Online Archives (<http://archives.org>)³⁴

Mahalaga sa pagsusulat ng kasaysayang sementeryo ang masiguro na tiyak ang saklaw at limitasyon ng pag-aaral upang magkaroon ng tuon ang pananaliksik at hindi maging magulo ang tunguhin ng pag-aaral. Ang mga primaryang sanggunian/dokumento ay mayroong pinapanigang pananaw na mahalagang tingnan upang makita kung ano ang layunin ng pagtatala at kung bakit ito isinulat para makuha rin ang ibang kuwento sa likod ng dokumento. Ayon kay Navarro, kailangang dumaan sa dalawang hakbang ang pagsusuri sa mga dokumento upang maging maayos ang gamit nito sa pananaliksik: kritikang panlabas at kritikang panloob. Ang kritikang panlabas ay nagpapatunay sa awtentisidad ng dokumento kung totoo ba itong nagmula sa panahon kung kailan ito inilimbag. Dumadaan ito sa restitusyon o pagwawasto upang maibalik ito sa orihinal na anyo.³⁵ Samantalang ang kritikang panloob ay pagsusuri sa mismong datos na nakasulat sa dokumentong awtentikado.³⁶ Mahalaga na maunawaan ang konteksto ng dokumento at ano ang nais nitong sabihin sa mambabasa. Dapat ay mapalitaw ng historyador o/at manunulat ang maaaring nakakubling kahulugan sa mga dokumentong sinusuri.

Pinakamahalagang bahagi sa pagsusulat ng kasaysayang sementeryo ang matiyak na makabubuo ang historyador o/at manunulat ng salaysay na may-saysay sa pangkat ng tao na sinasalaysayan nito. Ibig sabihin, dapat maintindihan ng mga Pilipino (sinasalaysayan) ang salaysay na may-saysay (kasaysayan) upang maunawaan nito sa kanyang sarili na bahagi ang kuwentong ito sa kolektibong pananaw, karanasan, tradisyon at kalinangan ng lahing kanyang kinabibilangan.³⁷ Ang pagsasakasaysayan ay hindi nagtatapos sa pagkalap ng mga datos sa mga aklatan, sinupan, atbp. o makabuo lamang ng mga naratibo na tungkol sa paksa. Mahalaga sa kasaysayang sementeryo na gumamit ng iba't ibang disiplina upang mas mabigyan ng bagong pananaw at interpretasyon ang mga sementeryo sa panahon ng mga Espanyol upang

³⁴ (1) Portal de Archivos Españoles (<http://pares.mcu.es/>)

(2) Biblioteca Nacional de España

(<http://www.bne.es/es/Catalogos/BibliotecaDigitalHispanica/Inicio/index.html>.)

(3) University of Michigan: United States and Its Territories 1870-1925

(<http://quod.lib.umich.edu/p/philamer/>.)

(4) John T. Echols Collection ng Cornell University

(<http://asia.library.cornell.edu/ac/Echols/index>.)

(5) Online Archives (<http://archives.org>)

³⁵ Arthur Navarro, "Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, kaparaanan at pagsasakasaysayan," *Philippine Social Science Review* vol. 55 no.1-4, (Enero 1998): 112.

³⁶ Navarro, "Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino," 112.

³⁷ Navarro, "Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino," 104.

maging malalim pa ang pag-unawa ng mga Pilipino sa espasyong katulad na lamang ng sementeryo.

3.3 MGA SULIRANIN SA PAGSUSULAT NG KASAYSAYANG SEMENTERYO SA PANAHOON NG ESPANYOL

Sa pagsusulat ng kasaysayan ng Pilipinas lalo na sa panahon ng Espanyol, kinakailangan ng mga historyador o/at manunulat ng malalim na kaalaman sa wikang Espanyol upang maunawaan at maiangkop ang mga ulat, plano at mga obserbasyon ng mga kolonisador tungkol sa lipunang Pilipino sa panahon ng kanilang pamamahala. Mahalaga ang pagkakaroon ng malalim na kaalaman sa wikang ginamit noong panahong isinulat ang mga dokumento upang masigurong mauunawaan ang kabuluhan at konteksto ng mga salita sa nakatalang dokumento. Maraming mga salin na dokumento sa okupasyong Espanyol ang mayroong “pagkakamali o *mistranslation*” na naging dahilan upang mabago ang konteksto ng mga pangyayari at maiba ang naratibong tunay na nakasaad sa mga primaryang sanggunian. Halimbawa na lamang dito ang *The Philippine Islands, 1493–1898* nina James A. Robertson at Emma H. Blair, na diumano ay mayroong pagkakamali sa pagsasalin ng mga dokumentong Espanyol sa wikang Ingles dahil sa politikal at ideolohikal na kadahilanan ng mga tagapagsalin.³⁸ Ito ay isa sa pangunahing sangguniang maaaring gamitin sa kasaysayang sementeryo lalo’t maraming mga datos ang nakasaad dito tungkol sa kultura at ritwal na isinasagawa noong panahon ng mga Espanyol hinggil sa paglilibing. Dahil sa hindi nailimbag kasama ng mga aklat ang mga ginamit na orihinal na dokumento ng mga tagapagsalin, walang pagkakataon ang mga mambabasa na muling suriin kung akma ba ang mga salitang ginamit sa wikang Ingles upang ipaliwanag ang salaysay sa mga dokumento. Ang ganitong suliranin sa pagsasalin ay mahirap solusyunan lalo’t mahirap at mahaba ang proseso ng pag-aaral sa wikang Espanyol. Kadalasan din ay walang mayroong interes na muling balikan o aralin ang mga isinalin na dokumento lalo’t walang sapat na kaalaman ang mambabasa sa wika at pagsasalin dito.

Sa kasalukuyan, mayroon na lamang kaunting bilang ng mga Pilipino ang marunong magsalita, sumulat at umunawa ng wikang Espanyol. Kaya madalas, karamihan sa mga historyador o/at manunulat ng kasaysayan ay gumagamit na lamang ng mga dokumentong nakasulat sa Ingles lalo’t ito ang isa sa pangunahing wikang ginagamit sa akademiya. Kaya kadalasang nangangailangan ng tulong ang mga historyador o/at manunulat sa mga

³⁸ Gloria Cano. “Blair and Robertson’s *The Philippine Islands, 1493-1898*: Scholarship or Imperialist Propaganda?” *Philippine Studies* vol. 56, no. 1 (2008): 3–46.

propesyonal na tagapagsalin upang maunawaan sa wikang Pilipino/Ingles ang mga dokumento na kanilang kinakailangan sa kanilang pananaliksik.³⁹

Mayroong mga institusyon sa Pilipinas na nagtuturo ng wikang Espanyol para sa mga nais matuto nito. Halimbawa rito ang *Instituto Cervantes* sa Intramuros, Makati at Ortigas na naghihimok sa mga Pilipino na muling pag-aralan ang wikang Espanyol at gamitin ito sa kanilang propesyon at pananaliksik. Nagbibigay rin ang institusyon ng iba't ibang sertipiko upang magpatunay sa kabihasaan ng isang indibidwal sa pagsasalita at pag-unawa ng wika. Mahalaga na kahit paano ay mayroong kaalaman sa pag-unawa sa wika na kanyang pinag-aaralan ang manunulat upang makita nito ang kuwento sa likod ng mga dokumento na kanyang isinusulat.

Bukod sa pag-aaral ng wika, mahalaga rin ang paggamit ng mga *diccionarios* at *vocabolarios* sa pagkuha ng mga konteksto at kahulugan ng mga salita sa panahon ng mga Espanyol. Ilang halimbawa ng mga diksyonaryo at bokabularyong ito ang *Vocabulario Pampango-Tagalog-Inglés* nina Gavino Dimalanta, D. E. Fernandez at Sofronio Calderon,⁴⁰ *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina P. Juan de Noceda at P. Pedro de Sanlucar,⁴¹ *Diccionario de la Lengua Bisaya, Hiligueina y Haraya de la Isla de Panay* ni Alonso De Mentrída OSA,⁴² *Diccionario Moro-Maguindanao-Espanol* ni Jacinto Juanmarti,⁴³ *Diccionario Tagalog-Hispano* ni Pedro Serrano Laktaw,⁴⁴ at *Vocabulario Bilingue; Español-Tagalo-Tagalo-Español* ni Rosendo Ignacio.⁴⁵ Mahalaga ang gamit ng mga diksyonaryo at bokabularyong ito para tayain ang pagbabago at maikonteksto ang mga salita at kahulugan sa panahon kung kalian ito ginamit. Maaring gamiting metodolohiya ang *lexical discourse analysis* upang palabasin ang nakatagong kahulugan ng mga salita sa isang teksto sa nakaraan. Ayon sa pag-aaral nina Khotaba at Tarawneh, ang paggamit ng *lexical discourse* ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa konteksto ng pangyayari lalo't

³⁹ Chen Ramos, "Buhay, Kalusugan at Kamatayan: Isang Kasaysang ng Cementerio General de La Loma, 1864-1889" (tesis masterado, De La Salle University, 2017), 16.

⁴⁰ Gavino Dimalanta, D. E. Fernandez y Sofronio Calderon, *Vocabulario Pampango-Tagalog-Inglés* (Manila: Imprenta Libreria at Papeleria, n.d.), 26.

⁴¹ P. Juan de Noceda at P. Pedro de Sanlucar, *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina salin nina Virgilio Almario, Elvin Ebreo, at Anna Maria Yglopaz, 1681-1747 (Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013), 106.

⁴² Alonso De Mentrída OSA, *Diccionario de la Lengua Bisaya, Hiligueina y Haraya de la Isla de Panay* (Manila: Imprenta de Don Manuel y Don Felis Dayot, 1841), 79.

⁴³ Jacinto Juanmarti, *Diccionario Moro-Maguindanao-Espanol* (Manila: Tipografia Amigos de Pais, 1892), 46.

⁴⁴ Pedro Serrano Laktaw, *Diccionario Tagalog-Hispano* (Manila: Isla Filipinas, 1914), 146.

⁴⁵ Rosendo Ignacio, *Vocabulario Bilingue; Español-tagalo-tagalo-español* (Manila: Imprenta de J. Martinez, 1917), 166.

kakabit nito ang metodolohiya na ginamit ng awtor kasama ang emosyon, pananaw at interpretasyon nito sa kanyang isinulat.⁴⁶ Ibig sabihin, ang mga salitang susuriin gamit ang diskursong leksikal ay magbubukas, hindi lamang ang usapin sa pagbabago ng kahulugan at porma ng mga salita sa paglipas ng panahon, kundi pati na rin ang konteksto at gampanin nito sa pagpapayaman ng isang kultura na nakakabit sa gawain ng mga tao na gumagamit nito. Maaari ring gamitin ang mga tala at ulat ng iba't ibang kongregasyon sa panahon ng mga Espanyol upang maiugnay ito sa mga konseptong sinuri gamit ang metodolohiyang diskursong leksikal at ikumpara ito sa mga simbolo na naitala ng mga misyonaryo sa panahon ng kanilang pananatili.⁴⁷

Sa kabuuan, mahalaga sa pagsusulat ng kasaysayang sementeryo na maunawaan ang konteksto ng mga salita sa dokumentong ginagamit, isalin ang dokumento sa pinakaakmang pagsasalin at konteksto, at gumamit ng mga konseptong laganap sa panahong iyon na mayroong kinalaman sa sementeryo at kamatayan. Halimbawa ang kaginhawahan, pakikipag-kapwa, buhay, kalusugan, utang-na-loob, at kamatayan. Hindi hadlang ang wikang Espanyol upang lubusang maunawaan ang konteksto ng sementeryo sa kaligiran at kultura ng mga Pilipino gayundin ang kahalagahan nito sa lipunang Pilipino. Kailangan lamang pagyamain ang kakayahan upang matiyak na ang isinusulat na kasaysayang sementeryo ay tunay na maglalahad ng kaalamang Pilipino tungkol sa kahalagahan ng mga imprastruktura sa pagbuo ng kulturang Pilipino hinggil sa paglilibing.

IV. TUNGUHIN AT HINAHARAP NG KASAYSAYANG SEMENTERYO SA LIPUNAN AT HISTORIOGRAPIYANG PILIPINO

Bagamat tungkol sa kamatayan at paglilibing ang pangunahing paksa sa pagtalakay ng kasaysayang sementeryo sa kultura at kalinangang Pilipino, mahalaga na isaalang-alang na iugnay ang paksaing ito sa pambansang historiograpiya at lokal na kasaysayan ng isang lugar upang mabigyang importansya ito sa mga bayan at lungsod sa Pilipinas. Sa paraang ito, makikita ang kabuuang siklo ng kasaysayang sementeryo sa iba't ibang panahon at paano ito nabago mula sa iba't ibang pananaw at kultura na itinanim sa kaalamang Pilipino hinggil sa kamatayan at paglilibing ng mga mananakop. Sa

⁴⁶ Eissa Al Khotaba and Khaled Al Tarawneh, "Lexical Discourse Analysis in Translation," *Journal of Education and Practice* 6, no. 3 (2015): 106-10.

⁴⁷ Maaring gamitin ang mga tala nina Alcina S.J, Francisco Ignacio na History of the Bisayan People in the Philippines Islands vol. 3. salin nina Cantius Kobak, OFM at Lucio Gutierrez, O.P., Chirino, Pedro na History of the Philippine Province of the Society of Jesus at Relacion de las Islas Filipinas salin ni Ramon Echevarria, Martinez de Zuniga na Estadismo de Las Islas Filipinas at Status of the Philippines in 1800.

kasalukuyan, mayroong pagkukulang sa pag-aaral ng sementeryo sa Pilipinas sa panahong Amerikano at Hapon. Mahalaga na tingnan ang kanilang patakaran sa mga espasyong ito lalo't naging bahagi ito ng kanilang misyon na paangatin ang kaalaman ng mga Pilipino bilang isang sibilisadong bansa (pamantayang Amerikano) at mamamayang Asyano (pamantayang Hapon).

Nauuso rin sa ibang bansa ang tinatawag na *cemetery tourism* na naglalayong ipaalam ang gampanin ng kanilang mga sementeryo sa kaayusan at pagkakakilanlan ng kanilang bayan. Matatagpuan sa mga sementeryo ang iba't ibang personalidad na naging bahagi sa pagbuo ng isang bansa, bayan o lungsod. Maaring gawin ito sa *Manila North Cemetery* na siyang kanlungan ng mga naging pangulo ng Pilipinas, senador, mga *tomasites*, atletang Pilipino atbp. Mahalagang muling balikan ang kanilang mga nagawa upang maipaalala sa kasalukuyang henerasyon ang kanilang naiambag sa lipunan. Makatutulong rin ang turismo sa mga sementeryo sa mga residenteng naninirahan sa loob nito para matugunan ang pang-araw-araw nitong pangangailangan sa buhay. Maaari ring gumawa ng isang kasaysayang panlipunan o *social history* tungkol sa mga sementeryo lalo't karamihan sa mga libingan sa Kamaynilaan ay tinitirahan ng mga Pilipinong walang kakayahan na bumili ng isang permanenteng tirahan. Mula rito, magkakaroon ng bagong interpretasyon sa gampanin ng sementeryo sa mga taong nabubuhay pa at naninirahan dito na maaring magpakita ng bagong gamit nito sa lipunang Pilipino.⁴⁸

Mayroon ding mga sementeryo na ginawang museo katulad ng Museo ng Nagcarlan sa Laguna na naglalayong ipaalam sa mga kabataan ang kasaysayan nito at gampanin nito sa kaayusan ng paglilibing sa panahon ng Espanyol. Mayroon ding mga Pilipino sa mga *social media sites* katulad ng *Facebook* ang nagpapakita ng interes sa iba't ibang sementeryo sa Pilipinas at maging sa mga gusaling matatagpuan sa mga ito. Sa pahina ng *Sementeryo: Heritage Cemeteries in the Philippines*, ninanais ng pangkat na magkaroon ng malinaw na programang pangrehabilitasyon sa mga sementeryo sa Pilipinas na ipinatayo pa noong panahon ng mga Espanyol upang hindi ito tuluyang mawala at masira.⁴⁹ Layunin din ng pangkat na malagyan ng mga *historical markers* ang mga libingan upang gamitin sa pagsasaayos ng mga gusali ang pondong mailalaan dito. Mithiin ng pagsusulat ng kasaysayang sementeryo na muling mabigyan ng pag-alala ang mga istrukturang ito upang hindi sirain o ipagbili

⁴⁸ Alfred McCoy at Ed. De Jesus, *Philippine Social History: Global Trade and Local Transformations* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2001), 12-15.

⁴⁹ Maaring tingnan ang kanilang pahina sa Facebook: https://www.facebook.com/semteryph/?ref=br_rs

sa mga pribadong institusyon kapalit ng pagtatayo ng mga gusaling pangkomersyal.

Sa kabuuan, nais ng pananaliksik na ito na muling tingnan ang mga sementeryo bilang espasyong nakaugnay sa buhay ng mga Pilipino. Hindi dapat inaalala lamang tuwing sasapit ang araw ng mga patay o kapag mayroong ililibing dito. Mahalaga ang pagpapayabong sa aralin/kasaysayang sementeryo upang hindi ipagwalang-bahala ang gampanin nito sa aspekto ng buhay at kamatayan ng mga Pilipino. Ang sementeryo ang nagsisilbing tahanan ng mga yumao sa mundo ng mga nabubuhay habang naglalakbay ito patungo sa mundo ng kanyang tagapaglikha. Nararapat na bigyang importansya ito katulad ng pagpapahalagang iniuukol sa mga tahanan ng mga nabubuhay upang magpatuloy ang kaginhawahan at kaalaman na ibinigay nito sa mga Pilipino.

V. KONKLUSYON

Mayroong malaking hamon na nakaatang sa makabagong henerasyon ng mga historyador na isulat at paksain muli ang kasaysayang sementeryo sa panahon ng mga Espanyol gamit ang mga konsepto at paniniwalang Pilipino hinggil sa maginhawang kamatayan. Hindi lamang dapat nakakulong sa arkitektural o lenseng pangsinig ang mga perspektibong gagamitin sa pagsusulat ng mga espasyong ito lalo't nakaugnay ang mga ito sa malalim at mayamang kultura ng lipunang Pilipino sa aspekto ng kamatayan. Dapat mas bigyang pansin ang paggamit ng iba't ibang disiplina sa pagsusuri ng mga sementeryo upang maibatay, maiangkop at maiayon ito sa kaalaman at paniniwala ng lipunang Pilipino sa iba't ibang panahon sa kasaysayan ng Pilipinas. Mahalaga na makita sa historiograpiya ng kasaysayang sementeryo ang mga pagbabago (kung mayroong pagbabago sa katawagan at kahulugan ng mga ritwal hinggil sa kamatayan) upang maunawaan kung paano ito naiangkop sa pamantayang Pilipino na pilit binago ng mga kolonisador sa panahon ng kanilang pananatili. Kahit malaking suliranin sa pagsusulat ng kasaysayang sementeryo sa panahon ng mga Espanyol ang wikang ginamit at ortograpiya ng mga dokumento, hindi ito dapat maging balakid ito upang isulat ang gampanin ng mga sementeryo sa kultura at kamalayang Pilipino lalo't bahagi ito ng siklo ng buhay ng isang tao. Sa pagsusulat ng kasaysayan o/at pagdodokumento sa mga sementeryo sa Pilipinas, mahalagang maging bahagi ang preserbasyon nito upang masigurong maipapabatid sa mga susunod na henerasyon ng mga Pilipino ang malaking gampanin ng mga ito sa kasaysayan ng Pilipinas.

Sa kasalukuyan, mayroong mga sementeryong naitayo sa panahon ng mga Espanyol na nananatiling ginagamit katulad na lamang ng *La Loma Cemetery*, *Chinese Cemetery*, *Manila North Cemetery* at *Paco Cemetery*. Karamihan sa mga ito ay naging pribadong himlayan (*La Loma Cemetery*) para sa iilang pamilya sa Kamaynilaan. Ang iba naman ay naging parke (*Paco Cemetery*) para sa turista upang pakinabangan ng pamahalaang lokal. Ang ibang sementeryo katulad ng *Manila North Cemetery* ay naging kanlungan ng mga mahihirap na Pilipinong walang permanenteng matirahan dahil sa mataas ng presyo ng pabahay sa lungsod. Ngunit kadalasan, ang mga lumang sementeryo tulad ng *Cementerio de San Antonio Abad* ay tinabunan at tinayuan na lamang ng isang mall (Harrison Plaza sa Maynila) upang makisabay sa modernong pangangailangan sa Kamaynilaan noong 1960's.⁵⁰ Ang masalimuot at di kaaya-ayang kondisyon ng mga sementeryo sa Pilipinas ay repleksyon sa pagsasawalang bahala ng mga Pilipino sa gampanin at kontribusyon nito sa kasaysayan at pagkakakilanlang Pilipino. Kung hindi maisusulat ang kultural na halaga at kasaysayan ng mga sementeryong ito, hindi maglalaon ay mawawala na lamang ang mga imprastrukturang ito sa kamalayan ng mga susunod na henerasyon na hindi malilinaw ang gampanin nito sa kasaysayan at pagkamit ng maginhawahang kamatayan para sa kanilang mga yumao.

Pangarap ng pananaliksik na ito na maging bahagi o/at subdisiplina ng kultural na kasaysayan ang kasaysayang sementeryo upang muling maisulong ang araling/kasaysayang sementeryo sa historiograpiyang Pilipino. Mahalaga ang bawat espasyo at mga pambansang dambana sa paghubog ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Ang muling pagsasabuhay sa kasaysayang sementeryo ay muling pagbabalik sa taal na kaalaman ng mga Pilipino sa kahalagahan ng buhay at kamatayan sa siklo ng pagkamit ng makabuluhang buhay. Maisasakatuparan lamang ang adhikaing ito kung ito ay muling mabibigyang halaga sa historiograpiyang Pilipino ang paksaing ito. Nawa'y maging hamon ang pananaliksik na ito upang muling itaguyod ang pag-aaral na ito sa kasaysayan ng Pilipinas. Hindi madali ang proseso na pagdadaan sa pagsusulat ng kasaysayan nito ngunit masisiguro nito na matutulungan ng mga susunod na pag-aaral ang mga Pilipino na muling bigyang halaga ang mga naturang imprastruktura lalo't bahagi na ito ng kanilang pagpapahalaga sa kanilang pamilya at sariling kaginhawahan.

⁵⁰ Chen Ramos. "Cementerio de San Antonio Abad: Ang Konstruksiyon ng Sementeryong Parokyal para sa Ermita, San Fernando de Dilao at Malate bilang tugon sa Epidemiyang Kolera sa Kamaynilaan, 1882-1884." (Manila: PHA National Conference in Public History, 2018).

MGA SANGGUNIAN:

PRIMARYANG SANGGUNIAN

Mga tala ng mga iba't ibang kongregasyon sa Pilipinas

Alcina S.J, Francisco Ignacio, *History of the Bisayan People in the Philippines Islands vol. 3.* salin nina Cantius Kobak, OFM at Lucio Gutierrez, O.P. Manila, Philippines: UST Publishing House, 2005.

Chirino, Pedro, *History of the Philippine Province of the Society of Jesus.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2009.

_____. *Relacion de las Islas Filipinas salin ni Ramon Echevarria.* Makati: MDB Printing, 1969 .

Martinez de Zuniga, Joaquin, *Estadismo de Las Islas Filipinas ; O, Mis Viajes Por Este Pais.* Madrid: : Impr. de la viuda de M. Minuesa de los Rios, 1893.

_____. *An Historical View of the Philippine Islands.* Manila: Filipiniana Book Guild, 1966.

_____. *Status of the Philippines in 1800.* Manila: Filipiniana Book Guild, 1973.

Diccionarios, Vocabularios at Sermones

Alcazar, Fr. Antonio, *Bisaya - Español Para Las Provincias De Samar Y Leyte,* Manila: Imprenta Y Lit. de Santos y Bernal, 1914.

Bergano, Diego, *Vocabulario de La Lengua Pampanga En Romance.* Manila: Imprenta de Ramirez Y Giraudier, 1869.

Calderon, Fernandez, *Vocabulario Pampango-tagalog-ingles.* Manila: Imprenta Libreria at Papeleria, n.d.

Carra, Fr. Andres, *Vocabulario Iloco-Espanol.* 2nd ed. Manila: Establecimiento Tipo-litografico De M. Perez, Hijo, 1888.

De Mentrída OSA, Alonso, *Diccionario de la Lengua Bisaya, Hiligueina y Haraya de la Isla de Panay.* Manila: Imprenta de Don Manuel y Don Felis Dayot, 1841.

de Noceda, P. Juan at de Sanlucar, P. Pedro, *Vocabulario de la Lengua Tagala* salin nina Almario, Virgilio, Elvin Ebreo, at Anna Maria Yglopaz., 1681-1747. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.

de San Jose O.P., Francisco Blancas, *Sermones* salin ni Jose Mario Francisco, S.J. .Quezon City: Pulong: Sources for Philippine Studies, 1994.

De Totanes, Fr. Sebastian, *Arte de La Lengua Tagala y Manual Tagalog.* Binondo: Imprenta de Miguel Sanchez, 1865.

Forman, Michael, *Kapampangan Dictionary.* Honolulu: University of Hawaii Press, 1971.

- Juanmarti, Fr. Jacinto, *Diccionario Moro-Maguindanao Español*. Manila: Tipografia amigos de pais, 1892.
- Rosendo, Ignacio, *Vocabulario Bilingue; Español-tagalo-tagalo-español*. Manila: Imprenta de J. Martinez, 1917.

MGA SEKONDARYANG SANGGUNIAN

Mga Aklat

- Alarcon, Arch. Norma, *Philippine Architecture during the Pre-Spanish and Spanish Periods*. España: Manila: University of Santo Tomas, 1991.
- Banas, Raymundo, *Brief Historical Sketches of the Philippine Catholic Churches*. Manila: Commonwealth Press, 1937.
- Barretto-Tesoro, Grace, *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2016.
- Camagay, Maria Luisa T, *Kasaysayang Panlipunan ngMaynila, 1965-1898*. Diliman, Quezon City, University of the Philippines Press, 1992.
- _____. *Working Women of Manila in the 19th Century*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1995.
- De Viana, Lorelei D.C, *Three Centuries of Binondo Architecture: 1594-1898*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2001.
- Dery, Luis Camara, *Pestilence in the Philippines: A Social history of the Filipino People, 1571-1800*. Quezon City: New Day Publishers, 2006.
- Gaerlan, Martin R, *A Requiem for Cementerio Balic-Balic, Sampaloc, Manila (1884-1925)*. Quezon City: Central Books, 2014.
- _____. *Sampaloc's Sacred Ground: The Franciscan Backstory (1613-1918) Most Holy Trinity Parish, Balic-balic, Sampaloc, Manila* Quezon City: Central Books, 2014.
- Klassen, Winand, *Architecture in the Philippines: Filipino Building in a Cross-Cultural Context*. Cebu City: University of San Carlos Press, 2010.
- Lico, Gerard, *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2008.
- Lubang, Jeffrey Alfaro, *Pantyon: Ilang Pamahiin, Tradisyon, at Kurwento ng Paglilibing sa Kabite*. Manila: IGE Ramos Design Studio, 2017.
- Rafael, Vicente, *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society under Early Spanish Rule*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1988.
- Orillos-Juan, Ma. Florina, "Isang pangkalahatang sarbey ng mga sangguniang primaryang batis para sa kasaysayang pampook sa pambansang sunupan at pambansang aklatan ng Pilipinas" sa *Kasaysayang pampook: pananaw, pananaliksik, pagtuturo*. Quezon: Limbagang Pangkasaysayan, 2012.

Zayas, Cynthia Neri, at Eufrazio Abaya. "Kaginhawaan: Mula Sa Sinapupunan Hanggang Sa Kabilang Buhay." sa *Ginhawa, Kapalaran at Dalamhati: Essays in Well-being, Opportunity/Destiny, and Anguish* nina Consuelo Paz et. al (2008): 30-45.

Mga Dyornal

Cano, Gloria. "Blair and Robertson's The Philippine Islands, 1493-1898: Scholarship or Imperialist Propaganda?" *Philippine Studies* vol. 56, no. 1 (2008).

Cruz, Isagani. "The Social, Political and Cultural Life of Manila in the 19th Century." *Manila: History, People and Culture* (1989).

Covar, Prospero. "Kaalaming Bayan Dalumat ng Pagkataong Pilipino" *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture* (1995).

Dakudao, Michaelangelo E., "The Development of Cemeteries in Manila before 1941," *Philippine Quarterly of Culture and Society* 20 (1992).

Dery, Luis. "Maynila at Luson Noong Ika-17 at Ika-18 Na Dantaon." *Selected Papers of the Annual Conferences of the Manila Studies Association* (1994).

De Viana, Lorelei. "Architectural Development in Spanish Colonial Binondo." *Endangered: Papers from the First International Congress on Fil-Hispanic Architecture* (2002).

_____. "Public Sanitation and Cemeteries in 19th Century Manila" *Unitas*, Vol 77, No 1 (2004).

Lopez del Castillo-Noche, Manuel Maximo, "Nacio Fallecio: The Art and Architecture of Spanish Colonial Baptistery and Cemeteries in the Philippines," *Unitas*, 78:1 (2005).

Medina, Isagani. "Beyond Intramuros: The Beginning of Extramuros de Manila up to 19th Century." *Selected Papers of the Annual Conferences of the Manila Studies Association* (1994).

Reyes, Joan Tara. "Ginhawa Mula Sa Patay: Isang Pag-Aaral Sa Kahalagahan Ng Katawan Sa Bogwa (Sekundaryang Paglilibing) at Pangangayaw Sa Mga Ifugao at Kankanay." *ISIP: Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura at Lipunang Pilipino* (2011).

Pearson, Mike Parker, "The Archeology of Death and Burial" *Texas A&M University Press College Station* (1999).

Ubaldo, Lars Raymund. "Kamalayan Sa Kamatayan Ng Mga Tagalog: Pananaw Mula Sa Kasaysayan." *The Scholastic Review* 2, no. 3 (2009).

MGA SANGGUNIAN SA INTERNET

- Fisher, Saul. "Philosophy and the Tradition of Architectural Theory" inakses Oct. 16, 2018, <https://plato.stanford.edu/entries/architecture/tradition.html>.
- Gaerlan, Martin. "Cholera." Museo Santisima Trinidad. inakses Oct. 10, 2018. <https://curatormuseo.wordpress.com/2012/01/14/cholera-doctors-in-spanish-colonial-philippines-archival-index-part-4/>
- Rizal, Jose. "Kabanta XIII: Mga Unang Banta ng Unos" sa *Noli Me Tangere* inakses noong Oct 16, 2018, <http://www.joserizal.ph/no15.html>.

MGA MASTERAL TESIS AT DISSERTASYON

Masteral Tesis

- Ramos, Chen. "Buhay, Kalusugan at Kamatayan: Isang Kasaysayan ng *Cementerio General de La Loma, 1864-1889.*" Master's thesis, De La Salle University-Manila, 2017.